



Nagsabi siya:Maaari ba akong magdasal sa kwadra ng tupa? Nagsabi siya: ((Oo)) Nagsabi siya:Maaari ba akong magdasal sa kulungan ng kamelyo? Nagsabi siya:((Hindi))

Ayon kay Jābir bin Samurah, malugod si Allah sa kanya-Tunay na ang isang lalaki ay nagtanong sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- Magsasagawa ba ako ng wudhu mula sa [pagkain ng] karne ng tupa? Nagsabi siya: ((Kung gusto mo ay magsagawa ka ng wudhu,at kung gusto mo ay huwag ka ng magsagawa ka ng wudhu))

Nagsabi siya:Magsasagawa ba ako ng wudhu mula [pagkain ng] karne ng kamelyo?Nagsabi siya: ((Oo,magsagawa ka ng wudhu mula [pagkain ng] karne ng kamelyo)) Nagsabi siya:Maaari ba akong magdasal sa kwadra ng tupa? Nagsabi siya: ((Oo)) Nagsabi siya:Maaari ba akong magdasal sa kulungan ng kamelyo? Nagsabi siya:((Hindi))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang kahulugan ng Hadith: "Magsasagawa ba ako ng wudhu mula sa [pagkain ng] karne ng tupa?" Ito ay katanungan mula sa isang kasamahan ng Propeta tungkol sa karne ng tupa,kung nararapat ba ang pagsasagawa ng wudhu sa pagkain nito kung ninais ang pagdarasal,o ano ang mga kondisyon sa kanya sa pagdadalisay? "Kung gusto mo ay magsagawa ka ng wudhu,at kung gusto mo ay huwag ka ng magsagawa ka ng wudhu" Pinapili siya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagitan ng pagsasagawa ng wudhu at pag-iwan nito,ang dalawang ito ay ipinapahintulot . "Magsasagawa ba ako ng wudhu mula [pagkain ng] karne ng kamelyo?" : Ibig sabihin: Nararapat ba sa akin ang pagsasagawa ng wudhu mula sa pagkain ng karne ng kamelyo kung ninais ang pagdarasal,o ano ang mga kondisyon sa kanya sa pagdadalisay? "Oo,magsagawa ka ng wudhu mula [pagkain ng] karne ng kamelyo" Ibig sabihin ay nararapat sa iyo ang pagsasagawa ng wudhu mula sa karne ng kamelyo,kahit ang nakain rito ay kaunti,ngunit ang gatas at sabaw nito;ay hindi nararapat ang pagsasagawa ng wudhu rito;Sapagkat ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay hindi siyanag-utos sa mga Uraniyen ng pagsasagawa ng wudhu mula sa [pag-inom ng] gatas ng kamelyo,at tunay na inutos niya sa kanila na inumin ito,at ang pagpapahuli ng paglilinaw sa oras ng pangangailangan ay hindi ipinapahintulot " Nagsabi siya:Maaari ba akong magdasal sa kwadra ng tupa?Ibig sabihin:Maaari bang isagawa ang pagdarasal sa mga lugar na tinutulugan ng mga tupa? "Nagsabi siya: ((Oo))": Ibig sabihin ay:Ipinapahintulot sa iyo ang pagdarasal sa mga yaong lugar dahil sa walang kinatatakutan rito."Nagsabi siya:Maaari ba akong magdasal sa kulungan ng kamelyo?" Ibig sabihin ay:Maaari bang isagawa ang pagdarasal sa mga lugar na tinutulugan ng mga tupa at

hinihigaan niya? "Nagsabi siya: ((Hindi))" Ibig sabihin ay: Huwag kang magdasal rito,dahil hindi ito ligtas mula sa pagtakas niya,makakamit ng nagdadasal ang pinsala mula sa pagkabangga at iba pa.at ito ang kahulugan ng ligtas mula sa mga tupa,dahil sa napapaloob rito na katahimikan at kaunting [pangyayari ng] pagtakas niya,at hindi pamiminsila nito. Subul Assalām (1/99) Fathu Dhil Jalāli wal-Ikrām (1/264) Tawdīh Al-Ahkām (305/304) Tashīl Al-ilmām (195,1/192)

<https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8399>

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

